Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

RECORDS SECTION
DepED, Division of Zambo. Norte
No: ______
Date: FEB 01 2019 By: ______
RELEASED

**MEMORANDUM**

Para sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mababang Paaralan
Mga Guro sa Filipino

Mula sa: Opisina Ng Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **MUNGKAHING MGA SALITA PARA SA PAGBABAYBAY (Baitang 5 at Baitang 6)**

Petsa: Enero 30, 2019

1. Alinsunod sa RA 10533, na tinaguriang "*Enhanced Basic Education Act* of 2013," ang Sangay Ng Zamboanga del Norte ay naghahanda at bumuo ng **MUNGKAHING MGA SALITA PARA SA PAGBABAYBAY (Baitang 5 at Baitang 6)** na magagamit ng mga guro sa panlingguhang tala ng mga salita sa pagbabaybay gamit ang *HORN METHOD* bilang kabahagi ng pagtuturo ng gramatika.

2. Ang nilalaman ng talaan ng **MUNGKAHING MGA SALITA PARA SA PAGBABAYBAY (Baitang 5 at Baitang 6)** ay hango sa **INL-IMC DICTIONARY** (ENGLISH-FILIPINO) *Revised and Enlarged Edition*, Instructional Materials Corporation ng Department Of Education, Culture And Sports na may ISBN 971-101-452-1, Copyright 1987 ng *Institute of National Language*. May limang (5) salita lamang para sa bawat Linggo na hindi pamilyar sa mga mag-aaral at ginamit sa pangungusap ang bawat salita kaya pinaalalahanan ang mga guro na pumili ng limang salita rin na angkop sa Baitang bilang dagdag dito.

3. Layunin ng proyektong ito na matulungan ang guro sa paghahanap ng mga salita na gagamitin sa pagbabaybay at upang malilinang ang talasalitaan ng mga mag-aaral tungkol sa mga salitang di-pamilyar at minsan lamang ginagamit sa pakikipagtalastasan. Matunghayan ang kopya nito sa www.depedzn.net.

4. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito.

**PEDRO MELCHOR M. NATIVIDAD, CSEE**
Tagapamanihala Ng Sangay

## GRADE 5

## UINANG MARKAHAN

**Linggo 1**

1. **alabwab** –mabuhanging lupa, putik

-Nadapa ang malikot na bata sa **alabwab**.

2. **alasip** –manggagaway, mangkukulam
   -Hindi akalaing isa siyang **alasip.**
3. **amilyaramyento** – buwis sa lupa taun-taon
   -Tumaas na ang **amilyaramyento** sa taong ito.
4. **andaderas**- tungkod, muleta, andador
   -Nawala ang **andaderas** ng matanda.
5. **anilyete** – munting singsing
   -Para sa mga bata lamang ang **anilyete.**

**Linggo 2**

1. **abakus** – pangkuwentang hindi na kailangang sumulat pa.
   -Mabilis niyang sinuma ang aking kabayaran sa tulong ng **abakus.**
2. **abedesaryo** – alpabeto, abakada, kartilya
   -Matiyagang pinag-aralan ni Bb. Brown ang Pilipinong **abesedaryo.**
3. **abelyana** – kulay-kape, Moreno, kulay-tsokolate
   -**Abelyana** ang suot niyang amerikana.
4. **aksesoryo** –kasabwat
   -Pinarusahan din ang napatunayang **aksesoryo** sa pagnanakaw sa bangko.
5. **aksesorya** – paupahang bahay, apartment
   -Nakatira siya sa isang **aksesorya.**

**Linggo 3**

1. **babalagiit** – bagyo, daluyong
   -Nakasisira ng maraming pananim ng madalas na pagdalaw ng **babalagiit** sa ating bansa.
2. **bagnos** – landas, daan, bagtas
   -Mahaba ang **bagnos** na tatahakin mo.
3. **bahagsubay** – bahaghari, balangaw
   -Napakagandang pagmasdan ang **bahagsubay** na gawa ng Panginoon.
4. **baimbe'** – kuliling, kampanilya
   -Sa tunog ng **baimbe'** nagising ang maysakit.
5. **balentiya** – tapang, lakas ng loob
   -Makikita ang **balentiya** ng tao sa oras ng kagipitan.

**Linggo 4**

1. **balungkaling** – dahil, sanhi, katuwiran, batayan
   -May sapat na **balungkaling** ang kanyang pagbibintang
2. **bandahali** – katiwala, mayordomo
   -Ang **bandahali** ng gusaling iyan ang dapat mong lapitan.
3. **bandurista** – manunugtog ng bandoria
   -Maraming humanga sa **bandurista**.
4. **bantukanlawi** – manok na lalaki, tandang
   -Inaalagaan niyang mabuti ang kanyang **bantukanlawi.**
5. **banyuhay**- bagong anyo ng buhay
   -Nagkaroon kami ng dulang may pamagat na "**Banyuhay**"

**Linggo 5**

1. **berhelero** – hardinero
   -Masipag ang aming **berhelero.**
2. **bermes** –bulati, ulay, tiwa
   -Posibleng may **bermes** ang mga batang payat at malaki ang tiyan.
3. **bermipugo** –pamatay-bulati
   -Huwag ikalat ang **bermipugo** sa silid-kainan.
4. **bersipikador** – manunula, mambeberso, manunugma
   -Bihira sa mga kabataan ngayon ang mahusay bumigkas at mataguriang **bersipikador.**
5. **betun** – sebo na pampakintab ng sapatos/bag/sinturon
   -Bumili siya ng **betun** para kumintab ang luma niyang sapatos.

**Linggo 6**

1. **biguela** – gitara, banduria
   -Napakaraming **biguelang** tinda sa Cebu.
2. **bihebyor** – kilos, gawi, asal, kaasalan
   -Pinag-aralan ng mga guro ang **bihebyor** ng mga mag-aaral sa paaralan.
3. **binabagsikan** = kompetensiya, paligsahan, timpalak
   -Kasalukuyang pinanood sa CCP ang mahigpit na **binabagsikan.**
4. **binantok** – aretes, hikaw
   -Inihahandog ang **binantok** tanda ng wagas na pagmamahal.
5. **binatok** –pakisap, singsing
   -Nakita ko ang **binatok** na iniwan mo sa banyo.

**Linggo 7**

1. **biograpia** – talambuhay
   -Nakapagbibigay –aral ang **biograpia** ng mga bayani.
2. **birulensya** –kalubhaan, pagkagrabe
   -Nakita ko ang **birulensya** ng kanyang sakit kaya ko kayo sinundo.
3. **bokaboka** – uri ng saranggola na yari sa papel
   -Kinagigiliwan ng mga bata ang pagpalipad ng **bokaboka**, lalo na kung tag-init.
4. **bukang-liwayway** – madaling -araw, namamanaag na ang sikat ng araw
   -**Bukang-liwayway** na nang matapos niya ang kaniyang isinusulat na nobela.
5. **budburan** – lagyan, kalatan
   -**Budburan** mo ng latik ang biko.

**Linggo 8**

1. **bulaos** – daan/ landas sa gilid ng bundok
   -Sanay dumaan sa mga **bulaos** ang mga Igorot.
2. **bungang-isip**-akda, mga sinulat, likhang –isip
   -Isa sa mga **bungang-isip** ng ating magiting na bayani ang iyong binasa.
3. **buntunghininga** = bigkas na di maliwanag na parang inihinga lamang.
   -Panay ang **buntunghininga** ng dalaga dahil sa dami ng gawaing dapat tapusin.
4. **busabos** – alipin, alila
   -**Busabos** ang tingin ni Donya Victoria sa mahihirap.
5. **busalsal** – burara, sungadngad
   -Napakapangit sa babae ang maging **busalsal.**

## IKALAWANG MARKAHAN –BAITANG 5

### Linggo 1

1. **kabihasnan** – kasanayan,kaunlaran,sibilisasyon
   -Malayo na sa **kabihasnan** ang mga taong bundok.
2. **kabisote** – makapagsasaulo kahit di alam basahin – mga nasa unang baitang
   - Mahusay siya sa Araling Panlipunan pagkat **kabisote** niya.
3. **kablegrama** –pahatid-kawad, telegram
   -Tumanggap siya ng **kablegrama** buhat sa ama niyang nasa Amerika.
4. **kabulaanan**-kasinungalingan, hubad sa katotohanan, hindi totoo.
   -Pawang **kabulaanan** ang mga pinagsasabi niya.
5. **kakintalan** –impresyon, kaisipan
   -Mahalaga ang **kakintalan** sa isang sulatin.

### Linggo 2

**1.kaliblib o kalibkib** –kopra
   -Isa sa mga produktong iniluluwas natin sa ibang bansa ang **kaliblib.**

2. **kaliluhan** – kataksilan, kasukaban
   -Nagbayad din ang kanyang **kaliluhan.**
3. **kalubkob** –pabalat, takip
   -Magaganda ang inihanda niyang **kalublob** para sa mga aklat.

4.**kampupot** –uri ng halaman na maputi at mabango ang bulaklak,kamukha ng sampaguita ngunit doble ang mga talulot.
   -Higit na malaki ang bulaklak ng **kampupot** kaysa sa Sampaguita.

5.**kasangguni** –tagapayo, kagawad ng knseho o kapulungan
   -**Kasangguni** ng aking ama ang matalik niyang kaibigan ukol sa negosyong nais niyang buksan.

### Linggo 3

1. **kaulayaw** –kasama,kausap
   -Nakita kong **kaulayaw** siya ng mga kaibigan niya kahapon.

2.**kaututang-dila**- kalihiman, kausap-usap, kakuwentuhan
   -**Kaututang-dila** ni Emmy si Rose.

3.**kawanggawa**-limos, paggagawad ng biyaya sa nangangailangan ng tulong
   -Tumatanggap ng mga **kawanggawa** mula sa mayayaman ang mahihirap.

4. **kayamuan**-kasakiman, katakawan
   -Nagbunga ng masam ang kanyang **kayamuan.**

5.**kayungkong** –tabi-tabing paghiga, siksikang paghiga.
   -**Kayungkong** sila dahil sa maliit ang kanilang dampa.

### Linggo 4

1. **kulakdang**- malalaking hakbang
   -Di mabilang ang kanyang **kulakdang** nang matanaw ang sunog.
2. **kulakling** –kulay-abuhin
   -Mahilig siya sa mga telang **kulakling**.
3. **kulimlim** – nag-aagaw dilim at liwanag
   -Isilong mo na ang mga damit at **kulimlim** ang langit.
4. **kuluntoy**- -dahong tuyo at kulu-kulubot
   -**Kuluntoy** na ang mga dahon dahil sa init ng araw.
5. **kumalansing** –tumunog, umingay
   -Narinig naming **kumalansing** ang pera sa baldosa.

**Linggo 5**

1. **dabibil** –sagitsit, sagatsat
   -Maingay ang **dabibil** ng motorsikol ni Mario.
2. **daktilo**-sukat ng tula
   -Gumamit siya ng **daktilo** sa pagsulat ng tula.
3. **dagisdis** – malakas na hihip ng hangin
   -**Madagisdis** sa kabundukan.
4. **dagusdos** – dulas
   -Nasaktan siya sa kanyang **dagusdos** sa hagdan.
5. **dahumpalay** – uri ng ahas na kakulay ng dahon ng palay.
   -Nakakatakot matuklaw ng **dahumpalay**.

**Linggo 6**

1. **dalumoy**- ulap, alapaap
   -Makapal ang **dalumoy** sa kalangitan, tila uulan.
2. **dalungdong**- kubo, barung-barong
   -Nagiba ang tinitirahan nilang **dalungdong** dahil sa lakas ng hangin.
3. **daluyong** = along malalaki, tampal, alimbukay
   -Tumaob ang Bangka dahil sa malakas na daluyong.
4. **daniw** – karaniwan, normal
   -**Daniw** lamang ang buhay ng mga tao sa lalawigan.
5. **danyador** –mamiminsala, maninira
   -Ayaw ko sa mga taong **danyador.**

**Linggo 7**

1. **gloryeta** –liwasan, plasa, pasyalan
   -Malapit ang bahay naming sa **gloryeta.**
2. **gradwasyon**-pagtatapos ng pag-aaral
   -Nagsalita sa aming **gradwasyon** ang panauhing pandangal.
3. **gratis** –walang bayad
   -Mapalad tayo pagkat gumagamot nang **gratis** ang ospital na iyon.
4. **gremyo** – union, samahan
   -Namagitan ang Departamento ng Paggawa sa sigalot ng pangasiwaan at ng **gremyo** ng mga manggagawa.
5. **gulantang**- gulat
   -Di-napigilang na**gulantang** ng mga tao sa napakalakas na putok.

**Linggo 8**

1. **habing-kamay** – kamay ang ipinansala
   -**Habing-kamay** ang karamihan sa mabibiling kumot sa Ilokos.
2. **habonete** – sabong mabango. Sabong pampaligo
   -Mahal ang nabili kong **habonete**.
3. **haka-haka** –hinagap, palagay
   -Tama ang iyong **haka-haka.**
4. **hakulatorya**- maikling panalangin
   -Naghandog sila ng **hakulatorya** bago nanaog sa bahay.
5. **hagubhob** – tunog na likha ng malakas na hangin
   -Nakatatakot pakinggan ang **hagubhob** ng hangin.

## IKATLONG MARKAHAN – BAITANG 5

### Linggo 1

1. **harimanawari** – sana ay mangyari nga,
   -Makatapos ka **harimanawari** ng iyong pag-aaral.
2. **harugari** – masama o di-mabuti ang pagkakagawa
   -Ipinaulit ang gawang **harugari** ng bata.
3. **hayumahin**-kumpunihin, ayusin
   -**Hayumahin** na ninyo agad ang sirang lambat.
4. **hayunghayong** –sariwa pang gulay
   -**Hayunghayong** pa ang mga gulay sa palengke.
5. **hedkuwarter** – himpilan, kuwartel
   -Nilusob ang kanilang **hedkwarter.**

### Linggo 2

1. **humudyat** – magbabala, sumenyas
   -**Humudyat** ang pinuno nang makitang nakakalat ang mga kawal.
2. **huwaran** = modelo, partisan, tularan
   -Isang taong buhay ang **huwaran** nila sa pagpipinta.
3. **idolatria** –pang-iidolo
   -Karaniwan na sa mga tagahanga ang may **idolatria** sa mga artista.
4. **idropobya** – mikrobyong nakukuha sa kagat ng aso, kawalan ng tubig sa katawan ng tao/hayop
   -Umiwas ka sa kagat ng aso at baka may **idropobya**.
5. **imbiyerno** =taglamig
   -Tuwing Disyembre **imbiyerno** sa Amerika

### Linggo 3

1. **istudyante** –mag-aaral
   -**Istudyante** na ang mahal kong anak.
2. **itaboy** –paalisin, palayasin
   -**Itaboy** mo sila.
3. **istropa**-saknong, taludturan
   -Basahin mo ang mga **istropa** at ipaliwanag.
4. **itiniwalag**-tinanggal, inalis, iniway
   -**Itiniwalag** siya sa tungkulin.
5. **itineraryo** – pupuntahan, daanan, mga gamit
   -Natuklasan niya ang **itineraryo** ng paglalakbay.

### Linggo 4

1. **lisyur** – malayang oras, paglilibang
   -Dapat na may **lisyur** ang bawat isa sa atin.
2. **liwaliw**-bakasyon, pag-aaliw,paglilibang, pagsasaya
   -Panay **liwaliw** ang kanyang inaatupag.
3. **lohika**- pangangatwiran, katuwiran
   -Sang-ayon si Nolly sa **lohikang** paliwanag ng abogado.
4. **longganisa** –suriso
   -Bawal sa may mataas na presyon ang **longganisa**.
5. **lugmok** –handusay, timbuwang
   -**Lugmok** na ang lalaki sa dami ng nainom.

**Linggo 5**

1. **maagnas** –matunaw, madurog
   -Huwag mong hayaang **maagnas** ang nililok mong luad.
2. **maang-maangan** – nagkukunwaring hindi alam
   -Nais siyang **magmaang-maangan** upang di siya mausig sa kasalanang nagawa.
3. **maalinsangan** – mainit, mabanas
   -**Maalinsangan** ang panahon kaya ligo siya ng ligo.
4. **mabagabag-** maguluhan, di-mapalagay
   -Hindi dapat **mabagabag** ang kalooban ng may sakit.
5. **mabagot**-magsawa, mainis
   -Ibig na niyang **mabagot** sa kaiiyak ng bata.

**Linggo 6**

1. **maragundong** – maalingawngaw, matunog, maugong
   -**Maragundong** na ingay an gaming narinig.
2. **mapungay** –magiliw na tingin
   -**Mapungay** ang kanyang mga mata.
3. **marubdob** =masidhi, maalab,masikhay na pagnanasa.
   -**Marubdob** ang pagnanais niyang makatapos ng pag-aaral.
4. **marungis** – maraming dumi
   -**Marungis** ang kanilang tirahan.
5. **marupok**-madaling masira, mahina, malutong
   -**Marupok** na sinulid ang kanyang binili.

**Linggo 7**

1. **medikasyon** –gamot
   -Binigyan ang sarili ng **medikasyon.**
2. **melodrama** –dula
   -Nanood kami ng **melodrama**.
3. **memoryado** –saulado, kabisado
   -**Memoryado** niya ang "Huling Paalam" ni Dr. Rizal.
4. **memoryal** – pag-alaala, panggunita
   -Ito-y **memoryal** sa kanila.
5. **merkansya** –paninda, kalakal, lulan, kargamento
   -Maraming **merkansya** ang dala ng barko.

**Linggo 8**

1. **muang** –talino, alam, muwang
   -Wala pang **muang** ang batang iyon.
2. **mukmok** –maktol, tampo, pagtatampo
   -Nag**mumukmok** ang batang kinagalitan ng kanyang ina.
3. **mudmod** =pamimigay, pamamahagi
   -Asikasuhin mo ang **pamumudmod** ng papel.
4. **mulawin** – matigas at matibay na punungkahoy
   -Inihahambing sa **mulawin** ang mga Pilipino.
5. **mulayin** –ari-arian
   -Marami silang **mulayin** sa lalawigan.

## IKAAPAT NA MARKAHAN –BAITANG 5

**Linggo 1**

1. **munisipal** –pambayan, nauukol sa bayan
   -Pinagtitibay ng Sangguniang Bayan ang mga **munisipal** na gusali.
2. **mustrador** – istante
   -Magaganda ang mga **mustrador** sa kanyang tindahan.
3. **muwebles** – kasangkapang pambahay o pantanggapan
   -Mamahalin ang mga **muwebles** nila.
4. **naalimpungatan** –nasa pagitan ng tulog at gising
   -**Naalimpungatan** siya kaya biglang tumayo.
5. **nadungisan** –narumihan, nalagyan ng dumi, nabahiran
   -**Nadungisan** ang malinis nilang pangalan, dahil sa suwail na anak.

**Linggo 2**

1. **neutral** –walang kinikilingan o kinakampihan
   -**Neutral** ang reperi sa basketbol.
2. **neyorotik** – taong abnormal ang pag-iisip, lunatic
   -Ayaw pakasal ng binate sa dalaga sapagkat pamilya raw ito ng mga **neyorotik.**.
3. **Nikaragwenyo** –taguri o tawag sa mamamayan ng Nikaragwa-bansa sa gitnang Amerika
   - Isang **Nikaragwenyo** ang napangasawa ni Carmen.
4. **nilukuban** –kinalinga, kinandili, kinanlungan
   -**Nilukuban** ng inahing manok ang mga inakay o sisiw.
5. **nomenklatura** – listahan, talaan, katalogo
   -Ipinasulat ng punong-guro ang wastong **nomenklatura** sa kard ng mga mag-aaral.

**Linggo 3**

1. **obra – maestra** – masterpiece, katangi-tanging gawa
   -Tunay na kahanga-hanga ang kanyang **obra-maestra.**
2. **obras-pias** –kawanggawa
   -Mahilig sa **obras-pias** ang Unang Ginang.
3. **Oksidyen** – hangin sa tangke na gamit sa maysakit
   -Kailangan ng maysakit ang **oksidyen.**
4. **oportunidad** –pagkakataon
   -Marami siyang **oportunidad** na pinabayaan.
5. **oposisyunista** –taong lumalaban, sumasalungat
   -Dumarami ang mga **oposisyunista.**

**Linggo 4**
1. **pantotso** –suklay
   -Maganda ang ibinigay na kanyang **pantotso.**
2. **panunudyo**- panunukso, pagbibiro
   -Tigilan mo na ang **panunudyo** sa kanya at baka mapikon na iyan.
3. **panunuri** – pag-alam ng tumpak na mali
   -Kaiingat ka sa **panunuring** iyong isasagawa.
4. **paruparo** – isang munting kulisap na may apat na palakpak.
   -Itinutulad sa mga **paruparo** ang mga lalaki.
5. **patnugot** – tagapagtaguyod, pamahalaan
   -Sino ang **patnugot** sa inyong samahan.

**Linggo 5**

1. **raketer** – gangster, manloloko
   -Nadakip na ng alagad ng batas ang **raketer.**
2. **ramilyete** – bukey, pumpon ng bulaklak
   -Binigyan ng **ramilyete** ang panauhing pandangal.
3. **rebelyon** – panghihimagsik, pag-aalsa
   -Maraming buhay ang nangasawi sa madugong **rebelyon.**
4. **reberendo** –kagalang-galang . kapita-pitagan
   -Ang **reberendong** panauhin ay pinararangalan.
5. **rebisahin** –suriin, iksaminin,awditin
   -Kailangang **rebisahin** ang badget ng bansa para sa taong 2019.

**Linggo 6**

1. **remunerasyon** –gantimpala, upa, sweldo, bayad
   -Tumanggap ang mga manggagawa ng kanilang **remunerasyon.**
2. **reputasyon** –karangalan, mabuting pangalan
   -Ang malinis na **reputasyon** ay hindi mapapantayan ng salapi.
3. **residensiya** =tirahan, tahanan
   -Maraming **residensiya** ang natupok ng apoy.
4. **rimarim** – suklam, diri
   -**Rimarim** na rimarim ang bata sa katulong.
5. **riseta** –gamot na isinulat ng doktor sa papel.
   -Nawala ang **riseta**.

**Linggo 7**

1.**samutsari** – iba-ibang bagay na magkakasama
   -**Samutsari** ang laman ng kanyang maleta.
2. **samyuin** – amuyin, langhapin
   -Ibig na ibig kong **samyuin** ang mga bulaklak sa rosas.
3. **sangkatauhan** –kalahatan ng mga tao
   - Maligaya ang **sangkatauhan** kapag sumasapit ang pagsilang ni Kristo.
4. **seklusyon** –pagkakabukod, pagkaisa
   -Kinakailangang may **seklusyon** ang bawat mamamayan ng isang bansa.
5. **semestre** – hatintaon
   - Hinihintay ni Tommy ang **semestre** upang muling makapag-aral.

**Linggo 8**

1. **ukupado** – abala, may ginagawa, may inaasikaso.
   - **Ukupado** ako sa aking pagtuturo.
2. **uhales**-biyak ng damit na pinapasukan ng butones.
   -Ang **uhales** daw na masikip ay tulad ng buhay na hikahos.
3. **ulik-ulik** =atubili, urung-sulong, pag-aalanganin
   -Siya ay **ulik-ulik** pa rin sa pag-uwi.
4. **unibersidad** –pamantasan, mataas na paaralan
   -Inilalabas na ang mga **unibersidad** sa lungsod.
5. **uniberso** – daigdig, mundo - - Parang lumiliit na an gating **uniberso**.

## BAITANG 6

## UNANG MARKAHAN

**Linggo 1**

1.**ansisilaw** –siklab,luses
-Masyadong malaki ang **ansisilaw** ng apoy.
2. **ansyanidad** –katandaan, pagka-antigo
-**Ansyanidad** ang sanhi ng kanyang karamdaman.
3. **antipatika** – bugnutin, magagalitin, nakaiinis
-Ayaw kong magbiro sa taong **antipatika.**
4. **awdisyon** – pagsubok
-Nahirapan siya sa **awdisyong** ibinigay sa kanya.
5. **awditoryum** – bulwagan,paranimpo, dulaan
-Nagsisikan ang mga tao sa **awditoryum** upang hintayin ang palabas.

**Linggo 2**

1. **aksidental** – di-sinasadya, nagkataon
-**Aksidental** ang pagkikita nilang dalawa.
2. **aksip** – bukbok o oud na matatagpuan sa bigas
-Maraming **aksip** ang bigas na luma.
3. **aklasan** –welga
-May **aklasan** sa pabrika.
4. **agwatyempo** – inumin ng isang maysakit sa halip na tubig.
-Nilagang dahong bayabas ang kanyang **agwatyempo.**
5. **agrimensor** –tagasukat ng lupa
-Mahusay na **agrimensor** ang kanyang anak.

**Linggo 3**

1. **alabwab** –mabuhanging lupa, putik
-Nadapa ang malikot na bata sa **alabwab.**
2. **alasip** –manggagaway, mangkukulam
-Hindi ko akalaing may **alasip** sa lugar natin.
3. **amilyaramyento** =buwis sa lupa taun-taon
-Tumaas na ang **amilyaramyento** sa taong ito.
4. **andaderas** –tungkod,muleta, andador
-Nawala ang **andaderas** ng matanda.
5. **anilyete** – munting singsing
-Para sa bata lamang ang **anilyete.**

**Linggo 4**

1. **bangingay** –napakadiit na isda
-Ipinagbabawal ang paghuli sa mga **bangingay.**
2. **batsilyer** –titulo, natapos na kurso sa kolehiyo/unibersidad
-Nagtapos siya ng **batsilyer** sa sining.
3. **benggatibo**- mapaghiganti
-Mag-ingat kayo sa mga taong **benggatibo.**
4. **benhuwi** – asido
-Nakamamatay ang **benhuwi** kaya dapat kang mag-ingat ditto.
5. **berenghena** – talong
-Naglalakihan ang mga tindang **berenghena** sa palengke

**Linggo 5**

1.**balidasyon** – pagbibigay-bisa, mabisa, pabisa
-Isinasagawa ng kagawaran ng tanggulang-bansa ang **balidasyon** sa mga kautusan ng Pangulo.
2. **balingkinitan** – matangkad na payat, patpatin, mahagway
-**Balingkinitan** ang nanalong Bb. Pilipinas.
3. **balinsuso** –kulot, pusod
-Hinndi niya nababago ang ayos ng buhok niyang **balinsuso**.
4. **balintunay**- tuya, kutya
-Hindi niya matanggap ang **balintunay** sa kanya ng mga tao.
5. **balingadngad** – baklad, kural
-Maraming nahuling isda sa kanilang **balingadngad.**

**Linggo 6**

1. **bibliyopilo** – mahilig sa aklat
-Nasa silid-aklatan na naman ang **bibliyopilo**.
2. **bibliyoteka** – aklatan
- Nakapasok ka na bas a **bibliyoteka** n gating paaralan?
3. **bikalot** = walang-galang
-Hindi dapat palakihing **bikalot** ang bata.
4. **bigilbigil** – kato, tumor
-Hindi na kinatatakutan ang **bigilbigil** ngayon.
5. **bigsyat** – mataas, maykaya, kilala, tanyag
-Mukhang **bigsyat** ka na ngayon ah.

**Linggo 7**

1.**binaysok** - kuwintas,gargantilyas
-Gustong-gusto ng mga kabataan sa ngayon ang **binaysok** na yari sa bato.
2. **binayuyo** – palay
-Binibilad ang **binayuyo** sa mga sementadong daan.
3. **binokulo** – largabista
-Kailangan ang **binokulo** kung naglalakbay tayo upang makita natin ang ganda ng malayoan.
4. **bintukuhol** –saging
-Iba't ibang uri ng **bintukuhol** ang aking natikman sa Bikol.
5. **binulakan** –putting –pinggan
-Pinakamainam pa ring kainan ang **binulakan.**

**Linggo 8**

1.**buhong** – salbahe
-Isang **buhong** na lalaki ang pumasok sa kanilang bahay.
2. **bulalakaw** – kometa, tao ng bituin, bituing biglang bumubulusok at bigla ring nawawala
-Papalarin daw ang sinumang makakita ng **bulalakaw**.
3. **bulalas** = sigaw, panangis, pagkabigla
-"Anak ko! Anak ko! Ang **bulalas** ng inang nabigla.
4. **bulebard** – maluwang na lansangan
- Maraming magjo-jogging sa **bulebard** tuwing umaga.
5. **buluntaryo** – kusang-loob, presintada
-Siya ay **buluntaryo** na naninilbihan sa palasyo.

## IKALAWANG MARKAHAN –BAITANG 6

**Linggo 1**

1. **busilak** – malinis, walang bahid dungis, maputing-maputi, dalisay, mabuti.
   -May **busilak** na kalooban ang ina niya.
2. **Kaagtas**-katalo, kalaban,kabalagtas
   -Umurong na siya sa labanan dahil sa mahusay ang kanyang **kaagtas.**
3. **kabalbalan** –salitang walang kabuluhan, sabi-sabi, walang kawawaan
   -Panay **kabalbalan** ang nalalaman niyang sabihin.
4. **kabalintunaan** –kabulaanan, wlang katotohanan, kabaligtaran
   -Pawang **kabalintunaan** ang mga salitang tinanggap niya.
5. **kabalyerisa**-kulungan ng mga kabayo
   - Hindi ko matatagalan ang amoy ng **kabalyerisa.**

**Linggo 2**

1. **kadluan** – pintuho, hantungan, tunguhan, pinagkukunan
   -**Kadluan** ng awa ang ating Panginoong Diyos.
2. **kaginsa-ginsa** –kaagad-agad, walang kaabug-abog
   - Di-**kaginsa-ginsa** biglang sumalakay ang mga kaaway.
3. **kahalili**- kapalit
   -Siya ang **kahalili** ng nanganak na guro.
4. **kahulilip** –kapantay, katumbas
   -Walang **kahulilip** na kaligayahan ang nadama ko sa pagkapanalo sa patimpalak.
5. **kahungkagan** –kadahupan, kakulangan, kawalan
   -Nabalita ang **kahungkagan** sa pagkain ng mga tao sa Aprika

**Linggo 3**

1. **kasibulan** –ganap na kaunlaran
   -Nakikita na natin ang **kasibulan** ng kanilang kabuhayan.
2. **kasike** – mayamn sa isang bayan
   -Sino-sino ang mga **kasike** sa bayan ng San Antonio.
3. **kasu-kasuan** – sugpungan ng mga buto
   -Masasakit na ang **kasu-kasuan** ng matatanda.
4. **kasuwitikan** – uagaling mapanlamang, katusuhan
   -Nagbunga nang di-mabuti ang kanyang **kasuwitikan.**
5. **kathambuhay** –nobela, mahabang kuwento na binubuo ng mga kabanata.
   -Tanyag na tanyag ang dalawang **kathambuhay** ni Dr. Rizal.

**Linggo 4**

1. **kekok** –manok
   -Mainam/masarap kainin ang adobong-**kekok**.
2. **kisapmata** –pikit at dilat ng mata sa isang saglit
   -Nawalang lahat ang mga pagkain sa mesa sa isang **kisapmata** lamang dahil sa dami ng mga panauhin.
3. **koadjutor** = paring katulong ng kura paroko.
   -Mapagkumababa ang **koadjutor** sa aming kumbento.
4. **kubakob** –bahay na mababa ang bubong
   -Mga bahay na **kubakob** ang nakikita sa lalawigan nila.
5. **kubyertos** –binubuo ng kutsara, tinidor at kutsilyo
   -Nawawala ang kanilang mga **kubyertos** kaya nagagalit ang ina niya.

**Linggo 5**

1.**kumandirit** – lumukso sa isang paa
-**Kumandirit** ang bata habang lumalakad sa lansangan.
2. **kutipyo** – kalbo, panot, upaw
-Gumagamit ng wig ang lolo niyang **kutipyo**.
3. **kutsetes** – pangkawit sa damit upang sumara ito.
-Malalaki ang **kutsetes** sa kanyang baro.
4. **kutsino** – marumi,salaula, burara
-Tinatawag siyang **kutsino** dahil sa kanyang kaayusan.
5. **kuwitib** – langgam na maliit
-Nakapapasok ang mga **kuwitib** sa lalagyan ng asukal

**Linggo 6**

1. **dalagambukid** – uri ng isda, lapas
-Sariwang-sariwa ang nabili kong **dalagambukid**.
2. **dalahira**- satsatera, daldalera, tsismosa
-Mahirap paniwalaan ang taong **dalahira**.
3. **dalubhasa** = sanay, bihasa, marunong, eksperto
-Nakilala ko ang isang **dalubhasa** sa panggagamot.
4. **dalubhasaan** –kolehiyo, pamantasan, unibersidad
-Nag-aaral sila sa **dalubhasaan.**
5. **daluhong**-salakay, lusob, atake
-Nakagulat sa mga taong bayan ang **daluhong** na ginawa ng mga tulisan.

**Linggo 7**

1.**dayukdok** –hayok, gutom na gutom
-**Dayukdok** na ang pulubi pagkat kagabi pa yata di kumakain.
2. **diktatoryal** –pamamahala ng isang mahigpit na magpasunod.
-**Diktatoryal** ang pamahalaan ng Rusya.
3. **girimpula** – kasangkapang nagsasabi kung saang direksiyon umiihip ang hangin.
-Gumagamit ang siyentipiko ng **girimpula.**
4. **glandula** –kulani, bukol
-Masakit ang **glandulang** tumubo sa kanyang batok.
5. **glaucoma** – uri ng sakit sa mata
-Ipaopera mo na ang iyong **glaucoma** sa mata.

**Linggo 8**

1.**gusilaw** –tabing sa mata nang maiwasan ang pagkasilaw.
-Gumagamit ng **gusilaw** ang mga magkukumpuni ng relos.
2. **gusot** –masalimuot, magulo
-Huwag kang papasok sa **gusot** baka di mo maaayos.
3. **guwang** =bagay na walang laman.
-May mga ibong nangingitlog sa **guwang** ng mga punungkahoy.
4. **guwantes** – sapin sa kamay na naisusuot ang lahat ng daliri.
-Putting-puti ang **guwantes** na suot ng ikinakasal.
5. **guwano** – dumi ng ibon at paniki na ginagawang pataba.

**IKATLONG MARKAHAN –BAITANG 6**

**Linggo 1**

1. **haligutgot** – pilyo, maharot
   -Huwag kang **haligutgot** sa ibang bahay pagkat nakakahiya.
2. **halimbukay**- batikos ng alon, salpok, indayog
   -Nakakatakot pagmasdan ang **halimbukay** ng alon sa batuhan.
3. **hambilong** – biglang tingon
   -Nagulat siya sa **hambilong** ng kasabay.
4. **hampaslupa** – bagamundo, lagalag, layas
   -Mahirap akayin sa mabuti ang **hampaslupa**.
5. **haplutan** –linisan
   -**Haplutan** mo na ang iyong alaga at baka makatulog iyan nang marumi.

**Linggo 2**

1. **hilumbo**- bubuyog/himbubuyog
   -Nakahuli sila ng maraming **hilumbo.**
2. **himasmas**-natuhan, nagbalik ng ulirat
   -**Himasmas** na ang babaing hinimatay kanina.
3. **hinuhod** –sang-ayon, payag
   -Hinihintay ko ang **hinuhod** niya sa mungkahi ko.
4. **homisidyo** –pagpatay sa kapwa
   -Naganap sa loob ng bahay ng biktima ang **homisidyo.**
5. **hukbo** – pulutong ng mga mandirigma, sandatahang kawal o tropa
   -Isang **hukbong** Amerikano ang lumusob sa Pilipinas noong panahon ng digmaan.

**Linggo 3**

1. **Ilusyon** – isang bagay na natatanaw ngunit wala naman, pangarap, bungang-isip
   -Bumubuo ka na naman ng **ilusyon.**
2. **imahinasyon** – guniguni, likhang-isip
   -Likha lamang ng kanyang malikot na **imahinasyon** ang kuwento.
3. **inkompetente** – walang kaya
   -Huwag kang maglagay ng mga **inkompetente** na trabahador sa kompanya.

4. **industriya** –pangangalakal, ekonomiya
   -Maunlad na an gating **industriya** ngayon.
5. **ipaubaya** –ibigay, ipagkaloob
   -**Ipaubaya** mo sa Diyos ang iyong buhay.

**Linggo 4**

1. **laboratory** –lugar na gawaan ng eksperimento
   -Magtitimpla ako ng gamut sa **laboratory.**
2. **lakambini**-diwata, musa, paraluman,mutya
   -Siya ang napiling **lakambini** n gaming paaralan.
3. **lagimlim** – pagkahilo kapag tumingin sa ibaba mula sa mataas na lugar
   -Nakaramdam siya ng **lagimlim** kapag umaakyat siya sa bundok.
4. **lagwerta** –looban, halamanan, hardin
   -Hitik sa bunga ang mga bungangkahoy sa kanilang **lagwerta.**
5. **lamikmik** –kapanatagan, kapayapaan, katahimikan, katiwasayan
   -Nasisiyahan sila sa **lamikmik** ng kapaligiran ng kanilang bakasyunan.

**Linggo 5**

1. **lengguwahe** – wika
   -May sariling lengguwahe ang bawat bansa.
2. **leukemya** – uri ng karamdamang kulang sa dugo/kanser sa dugo
   -May **leukemya** si Roxanne ngunit hindi siya nawawalan ng pananalig sa Diyos.
3. **libreta** – libro-de-bangko
   -Nakuha ng mga mandurukot ang kanyang **libreta**.
4. **limpyabota** –tagapaglinis ng sapatos
   -Isa siyang **limpyabotang** yumaman saw akas.
5. **lintanawin** –pirata
   -Makikita sa gitna ng karagatan ang mga **lintanawin.**

**Linggo 6**

1. **luningning** –kislap, kintab, ningning
   -Nakasisilaw ang **luningning** ng brilyante.
2. **lunsaran** – pantalan, piyer, daungan, huwaran, modelo
   -Malawak ang **lunsaran** ng Pilipinas.
3. **lungga** =yungib, kuweba, hukay, butas
   -Namamahay sa mga **lungga** ang mga daga.
4. **lupalop** – kontinente, anumang malawak na lupain
   -Pangarap niyang libutin ang **lupalop** ng Asya.
5. **lupaypay** –mahina, malambot, laylay
   -**Lupaypay** ang kanyang katawan sa dami ng Gawain.

**Linggo 7**

1. **makaligtaan** – malimutan, maiwanan
   - Baka ninyo makaligtaan ang inyong mga dala-dalahan.
2. **madyisyan** – salamangkero, nagmamadyik
   - Ang **madyisyan** ay hindi nabubuhay nang masagana.
3. **magpatiwakal** – magpakamatay, kitlin ang sariling buhay
   - Kasalanang mortal ang **magpatiwakal**.
4. **mahistrado** –hukom, huwes
   -Ang **mahistrado** ay tumutulong sa mga taong walang sala.
5. **malay-tao** –ulirat, buhay, diwa
   -Wala siyang **malay-tao** nang idating sa amin.

**Linggo 8**

1. **maskulino**-para sa lalaki
   -**Maskulino** ang batang iyan
2. **matapobre** –mapanghawak
   -Hindi sila **matapobre**.
3. **matipuno** – malusog, malakas ang katawan
   =**Matipuno** ang kanyang katawan.
4. **matrikula**-bayad sa pag-aaral
   -Nagbayad si Ina ng **matrikula** ni Boy.
5. **matrimonyal** – kalagayan sa pagkakaroon ng asawa.
   -Ginamit mo na ba ang iyong kanang **matrimonyal.**

## IKAAPAT NA MARKAHAN – BAITANG 6

**Linggo 1**

1. **mersenaryo** –sundalong kasama sa hukbo dahil sa inuupahan sa serbisyo
   -Siya ay nagging isang **mersenaryo.**
2. **mitolohiya** – alamat
   -Marami kaming nabasang **mitolohiya** tungkol sa bundok Makiling.
3. **monasteryo** – bahay ng mga mongha/monghe
   -Nagpunta kami sa **monasteryo** ng Sta, Clara.
4. **monologo** – pagsasalita ng isang artista na nag-iisa
   -Mahusay na **magmonologo** ang mag-aaral na iyan.
5. **monumento** – bantayog, rebulto
   -Makikita sa Luneta ang **monumento** ni Rizal.

**Linggo 2**

1. **muleta** – tungkod, saklay
   - Gumagamit siya ng **muleta** mula nang mapilay siya.
2. **mulinete** –maliit na gilingan
   -Kunin mo ang **mulinete** at gilingin mo ang kape.
3. **multikolor** = maraming kulay, iba't ibang kulay.
   -**Multikolor** ang mga telang nabili niya.
4. **munukala** – balak, plano proyekto
   -Maganda ang **munukala** ng pangulo.
5. **mundiyal** – buong daigdig
   -Huwag na sanang magkaroon pa ng digmaan sa **mundiyal.**

**Linggo 3**

1. **naitaguyod** –tinangkilik, naigapang
   -Dahil sa pagsisikap , **naitaguyod** niya ang pag-aaral ng kanyang siyam na anak.
2. **napahinuhod** –napapayag, napasang-ayon
   -**Napahinuhod** na rin niya ang ina sa kabila ng katigasan ng loob nito.
3. **narimarim** – nandiri, nasuklam
   -**Narimarim** ang donya sa mga pulubing nakita sa may pinto.
4. **naunsiyami** – hindi nagtagumpay , nasawi, nabigo
-**Naunsiyami** ang kanyang hangaring makapaglakbay sa buong daigdig pagkat naloko siya.
5. **nebera** – palamigan, reprihedora
   -Nagwagi sila ng isang magandang **nebera.**

**Linggo 4**

1. **ngalubakbak** –balat ng puno o ng tao na kusang naaalis
   -Nanguha sila ng balat ng punong kamatsili na **nangangalubakbak.**
2. **ngayupapa** – pagpapakumbaba, pagpapakababa
   -Gayon na lamang ang panga**ngayupapa** niya nang humingi siya ng paumanhin.
3. **ngisngis** = lagging tumatawa
   -Ayaw ng matatanda na **ngisngis** nang ngisngis ang mga da laga.
4. **ngubngob** –walang ngipin;pasok na ang mga labi; bungal
   -Pangit tingnan ang taong **ngubngob.**
5. **nguyapit**- pag-akyat sa pamamagitan ng pagkapit upang hindi mahulog.
   -**Nguyapit** siya sa puno na parang isang tsonggo.

**Linggo 5**

1. **Oryental** –taga-Silangan
   -Isang **oryental** ang Nanay niya.
2. **pagbubunyi** –pagpaparangal, pagdakila
   -Walang kapara ang **pagbubunying** ginawa niya.
3. **pagkamuhi** – pagkayamot, pagkapoot
   -Walang katapusan ang **pagkamuhi** niya sa kanyang sarili.
4. **pamantayan** – saligan, batayn, sandigan
   -Sinusunod ng lahat ang **pamantayan** ng pamahalaan.
5. **pambungad**-pasimula, panimula, preambulo sa konstitusyon
   -Siya ang bumigkas ng pambungad na pananalita.

**Linggo 6**

1. **paudyok** – sulsulan, utos
   **-Paudyok** niyang sinabi na naglaba na ako.
2. **penitensya** – pagsisisi, pagpapasakit
   Maraming may **penitensiya** kapag Mahal na Araw.
3. **perdigones** =bala
   -Marami siyang naubos na perdigones sa pamamaril ng ibon.
4. **pumailanglang** – tumaas pasahimpapawid, umindayog sa alapaap
   **-Pumailanglang** ang isang magandang saranggola.
5. **puyapog** – pagod na pagod, hapo
   **-Puyapog** siya sa kagagawa.

**Linggo 7**

1.**rebokahin** – bawiin, iurong, pawalang-bisa
   -Ang kanyang pagbibitiw sa tungkulin ay hindi maaaring **rebokahin.**
2. **rekomendasyon** – tagubilin
   -Isinagawa na ang **rekomendasyon** ng pangulo.
3. **redoblado** – dinoble,pinag-ibayo
   **-Redoblado** ang pagsisikap ng pangulo upang mapaunlad ang kabuhayang-bansa.
4. **reeleksiyon** – muling paghahalal
   -Magkakaroon ng **reeleksiyon** an gating samahan.
5. **rebisyon** –pag-aayos, pagbabago, pagtutuwid
   -Ang **rebisyong** ginawa sa Patnubay sa Pagtuturo ay uminam.

**Linggo 8**

1. **sabukayin** – hambalusin
   -Nais niyang **sabukayin** ang kanyang anak dahil sa nagawang pagkakamali.
2. **salamisim** – guniguni, alaala
   **-Salamisim** mo lamang iyon, walang katotohanan.
3. **saligawsaw** = ingay, gulo
   -Ang **saligawsaw** ng mga kabataan ay naririnig.
4. **salinlahi** – henerasyon
   -Panatilihin ng alinmang **salinlahi** ang kultura ng bansa.
5. **salipanya** – pangangatwirang wala sa ayos, pamimilosopiya
   **-Pasalipanya** siya sa pakikipagtalo.